Bakuna para sa COVID-19

Ano ang isang bakuna?

Ang bakuna ay isang uri ng gamot. Ibinibigay ito sa isang iniksyon o shot.

Ano ang ginagawa ng isang bakuna?

Ang pagpapabakuna ay iniiwasan kang magkasakit. Mayroong iba't ibang uri ng bakuna para sa iba't ibang karamdaman o sakit.

Ligtas ba ang mga bakuna?

Oo. Nagsusumikap mabuti ang mga doktor at siyentipiko upang matiyak na ligtas ang mga bakuna. Mga ligtas na bakuna lang ang inaaprubahan upang gamitin sa Canada. Madalas suriin ang kaligtasan ng mga bakuna.

Mayroon bang bakuna para sa COVID-19?

Oo, mayroong ilang bagong bakuna para sa COVID-19.

Alin ang pinakamahusay na bakuna?

Ang lahat ng bakuna ay lubos na magagaling sa pagbawas ng panganib na magkaroon ng COVID-19. Kung magkakaroon ka ng COVID-19 pagkatapos mong mabakunahan, binabawasan din ng bakuna ang panganib na magkasakit ka ng malubha. Hinihikayat ng mga doktor ang mga tao na tanggapin ang unang bakunang makukuha nila.

Ligtas ba ang mga bakuna para sa COVID-19? Masyadong mabilis ang pagkagawa sa mga ito.

Oo. Nagsusumikap mabuti ang mga doktor at siyentipiko upang matiyak na ligtas ang mga bakuna para sa COVID-19. Mga ligtas na bakuna lang ang inaaprubahan upang gamitin sa Canada. Madalas suriin ang kaligtasan ng mga bakuna.

Maaari ba akong magkaroon ng COVID-19 mula sa bakuna?

Hindi. Hindi ka maaaring magkaroon ng COVID-19 mula sa bakuna. Tinutulungan ng bakuna ang iyong katawan na makilala at labanan ang COVID-19.

Mayroon bang mga hindi magandang epekto (side effects) sa bakuna para sa COVID-19?

Pagkatapos mong magpabakuna, maaari kang magkaroon ng mga hindi magandang epekto. Maaaring sumakit ang iyong braso kapag nagpabakuna ka. Maaari kang makaramdam ng pagod o magkaroon ng lagnat. Ibig sabihin nito tumutugon ang katawan mo sa bakuna. Maaaring tumagal nang ilang araw ang mga hindi magandang epekto na ito.

Ang ilang tao ay maaaring may alerhiya sa mga bakuna. Maaaring magkaroon sila ng mas malubhang mga hindi magandang epekto. Bihira ang mga malubhang hindi magandang epekto na ito.

Paano kung mas magtatagal sa ilang araw ang aking mga sintomas?

Maaaring nakakuha ka na ng virus bago ka pa nagpabakuna. Kung tatagal ang iyong mga sintomas nang mahigit sa isa o dalawang araw, maaaring magkakasakit ka. Dapat mong ibukod ang iyong sarili (umiwas sa ibang tao) at magpa-test para sa COVID-19.

Saan ako maaaring magpabakuna?

Maaari ka nang magpabakuna ngayon. May mga available na appointment sa buong lalawigan. Maaari kang tumawag para magpa-book ng appointment sa 1-844-626-8222 (1-844-MAN-VACC). May mga interpreter sa telepono na makakausap sa daan-daang wika na magagamit mo kapag nagpa-book ka pati rin sa mga supersite. Makukuha mo ang mga detalye sa manitoba.ca/vaccine o sa protectmb.ca.

Kailangan ko pa rin bang palaging magsuot ng mask at umiwas sa ibang tao kung magpabakuna ako?

Oo. Ang pagsusuot ng mask at pisikal na pagdistansiya ay tutulong na mapanatili kang ligtas at ang ibang tao.

Kailangan ko bang magbayad para magpabakuna?

Libre ang bakuna para sa mga tao sa Manitoba.

Kailangan ko bang magpabakuna?

Mapipili mo kung gusto mong magpabakuna para sa COVID-19. Hindi mo kailangang magpabakuna.

Maraming tao ang nagsasabi ng iba't ibang mga bagay tungkol sa bakuna. Maaaring hindi tama ang ilang impormasyon. Maaari kang makipag-usap sa mga nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan upang malaman pa ang tungkol sa bakuna. Bibigyan ka nila ng magandang impormasyon.

Maaari mo rin bisitahin ang manitoba.ca/vaccine para sa impormasyon.

Manitoba